



STATE OF HAWAII
DEPARTMENT OF EDUCATION
P.O. BOX 2360
HONOLULU, HAWAII 96804

OFFICE OF THE SUPERINTENDENT

Agosto 7, 2018

Mahal Naming (Mga) Magulang/(Mga) Tagapag-alaga:

Hinihingi namin ang inyong tulong upang maisiguro na ang Departamento ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii (Departamento) ay maibibigay niya ng lubos ang mga serbisyo ng espesyal na edukasyon para sa lahat na mga kuwalipikadong estudyante. Para sa mga batang kuwalipikado sa tulong medikal sa pamamagitan ng Med-QUEST, ang programa ng Medicaid ng estado, ang Departamento ay maaaring hingin nito sa pederal na isauli nito ang bahagi ng ibinayad sa mga maraming kailangang medikal at kailangang edukasyonal na serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan ng iyong anak na naibigay sa pamamagitan ng Programa Para sa Edukasyong Pang-indibidwal (Individualized Education Program) o IEP ng inyong anak. Ang mga serbisyonang ito ay nadisenyo upang ang estudyante na may kapansanan ay makatatanggap at mabibigyan ng benepisyo mula sa Libreng Tamang Edukasyong Pampubliko (Free Appropriate Public Education) o FAPE.

Bago maisumite ng Departamento ng kahilingan ng pagsasauli ng bayad sa Med-QUEST, kailangang makakuha ang Departamento ng pahintulot ng mga magulang/tagapag-alaga bago nito maibahagi sa Med-QUEST ang mga personal na impormasyon tungkol sa inyong anak na nakasaad sa IEP ng iyong anak. Ang lahat na impormasyon na maibahagi sa Med-QUEST tungkol sa inyong anak ay mahigpit na kumpidensiyal. Sa paglagda ng mga magulang/tagapag-alaga, ang mga sumusunod na karapatan ay mahigpit na napananatili:

1. Hindi hihingin ng Departamento na magpalista ang estudyante sa Med-QUEST upang makatanggap ng Libreng Tamang Edukasyong Pampubliko (Free Appropriate Public Education) o FAPE;
2. Hindi gagastos ang (mga) magulang/tagapag-alaga ng sarili nilang pera, katulad ng ibinabawas sa sahod o makikibahagi sa gastos;
3. Ang iyong pahintulot ay di magreresulta ng anumang rekisito upang ang (mga) magulang/tagapag-alaga ay magbabayad para sa mga serbisyo na talaga namang sakop ng Med-QUEST dahil ang inyong anak ay maaaring kailangan niya ang mga serbisyonang ito sa mga araw na walang pasok sa eskuwela;
4. Ang iyong pahintulot ay di nito babawasan ang nakalaang panahon ng habambuhay na pagkakaseguro o ng anumang benepisyo/mga benepisyo mula sa seguro;
5. Ang inyong pahintulot ay di nito palalakhin ang mga premyum o pahihintuin ang mga benepisyo o ang seguro; at
6. Ang inyong pahintulot ay di nito aalisin ang inyong karapatan para ikaw ay maalagaan sa inyong tahanan at komunidad (home and community-based waivers) na ang mga ito ay batay sa kabuuan ng mga gastos na may kaugnayan sa kalusugan.

(Mga) Magulang/Tagapag-alaga
Agosto 7, 2018
Pahina 2

Sa pagbibigay ng inyong pahintulot, binibigyan mo ng karapatan ang Departamento na makipag-usap tungkol sa seguro ng Med-QUEST upang maibalik ang bahagi ng nagastos sa pagbibigay ng mga kailangang medikal at kailangang edukasyonal na serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan ng inyong anak na naibigay sa pamamagitan ng IEP ng inyong anak. Kung pinapayagan mo ang Departamento na hingin nito na maibalik ang bahagi ng mga nagastos sa mga serbisyong iyon na naibigay sa inyong anak, kumpletuhin lamang ang nakalakip na pormularyo.

Nasa inyo ang karapatan na bawiin ang inyong pahintulot sa anumang oras na gusto ninyo. Ang pagbawi ng inyong pahintulot ay di nito aalisin ang responsibilidad ng Departamento na siguruhin na ang lahat na kailangang serbisyo ay maibibigay na wala kayong gagastusin ayon sa mga rekisito na kailangan ng estado at pederal tungkol sa espesyal na edukasyon.

Maraming salamat sa inyong partisipasyon sa Programa na Isinusulong-ng-Eskuwela sa Paghiling sa Medicaid na Maibalik ang Bayad sa ilalim ng Departamento ng Edukasyon (Department of Education's School-Based Medicaid Claiming Program).

Kung mayroon kayong katanungan o gustong maliwanagan, tawagan ang Programa sa Pagsasauli ng Bayad at mga Kontrata Tungkol sa Pag-aalaga ng Kalusugan (Health Care Contracts and Reimbursement Program) sa (808) 305-9750.

Lubos na gumagalang,



Dr. Christina M. Kishimoto
Superintendente

CMK:me
Mga Kalakip